

MGA MADALAS NA TANONG SA IMINUNGKAHING PARADAHAN SA COLUMBIA CITY – RESTRICTED PARKING ZONE (MGA RESTRIKSYON NA LUGAR NG PARADAHAN)

ANO ANG ISANG RESTRICTED PARKING ZONE (RPZ)?

Ang mga RPZ ay nilikha para makatulong na mapadali ang masikip na paradahan sa mga residensyal na neighborhood habang binabalanse ang mga pangangailangan ng lahat ng mga tao upang magamit nila ang mga pampublikong kalye. Sa Columbia City, itinatag ang RPZ 29 sa palibot ng light rail station noong 2009. Sa mga lugar ng Southeast Seattle RPZ, nagpapalabas rin ang SDOT ng gma permiso sa mga negosyo para magamit ng kanilang mga empleyado.

PAANO GUMAGANA ANG RPZ?

- Pinapahintulutan ng RPZ 29 ang mga may hawak ng permiso na makaparada ng higit sa 2 oras sa mga oras sa pagitan ng 7AM at 6 PM, Lunes hanggang Biyernes. Mayroon nang 4 na kasalukuyang mga oras na bloke.
- Ang lahat ng mga residente na napapaloob sa lugar ng RPZ, kasama na iyong mga bloke na walang mga karatula ng RPZ, ay dapat na karapat-dapat para sa mga permiso ng RPZ. Sa kasalukuyan, ang bawat sambahayan ay makakatanggap ng hanggang apat na permiso batay sa bilang ng mga sasakyan na nakarehistro sa isang address na napapaloob sa sona ng RPZ. Maaari rin silang bumili ng isang permiso para sa bisita.
- Ang lahat ng mga negosyo na napapaloob sa RPZ ay maaring karapat-dapat rin na bumili ng mga permiso para sa mga empleyado.
- Ang permiso ng RPZ ay nagkakaloob lang ng eksepsyon sa mga limitasyon sa oras sa mga bloke na may karatula ng RPZ. Sa ibang mga bloke, ang mga may hawak ng permiso ay sumasailalim sa mga limitasyon sa oras at mga kahilingan sa bayad batay sa mga nakapaskil na limitasyon.

ANO ANG IMINUMUNGKAHING PAGBABAGO?

Papalawakin ng mungkahi ang RPZ 29 east hanggang 42nd Ave S at patimog hanggang S Dawson St. Basahin ang mapa sa kabilang pahina para sa mga kasalukuyan at mga iminumungkahing bloke na palalawakin.

BAKIT PALALAWAKIN ANG ZONE 29 AT BAKIT SA MGA BLOKENG ITO?

- Sa mga survey at iba pang mga uri ng outreach, ang isa sa mga karaniwang kahilingan na narinig namin mula sa inyo ay palawakin ang kasalukuyang RPZ. Sa pamamagitan ng pagbibigay limitasyon sa mga buong araw na pagpaparada sa mga may hawak ng permiso, mahahadlangan nito ang mga sasakyang walang permiso na pumarada ng mas matagal kaysa sa 2 oras mula Lunes hanggang Biyernes at marahil na humantong sa mas maraming paradahan.



- Ang Seattle Municipal Code ay may mga patnubay kung paano at saan namin maaaring mapalawak ang mga RPZ. Nakumpleto ng SDOT ang maramihang mga pag-aaral sa paradahan na nagsasadokumento kung aling mga bloke ang may mataas na antas ng mapaparadahan at maaaring makinabang mula sa isang pagpapalawak sa RPZ.

MAY BAYAD BA ANG MGA PERMISO?

- Ang mga permiso ay nagkakahalagang \$65 sa loob ng dalawang taon, na may \$10 permiso na magagamit para sa mga kuwalipikadong mababang kita na residente.
- Ayon sa batas ng lungsod, ang mga singilin mula sa permiso ay magbabayad sa magagastos sa pamamahala ng programa. Dahila ng programa ay di pinapatupad sa buong lungsod at ang mga RPZ ay karaniwang ikinakabit kung hilingin lang, ang mga gastos sa RPZ ay binabayaran noong mga nakatira sa isang RPZ at bumibili ng mga permiso.

SAAN AKO MAKAKAHANAP NG MAS MARAMING IMPORMASYON?

- Para sa karagdagang impormasyon sa mga RPZ, mangyari lang basahin ang www.seattle.gov/transportation/parking/parkingrpz.htm
- Para sa karagdagang impormasyon sa aming mga gawain sa Columbia City, mangyari lang basahin ang www.seattle.gov/transportation/parking/cp_ColumbiaCity.htm



Seattle
Department of
Transportation

PAANO AKO MAKAKAPAGBIGAY NG MGA KOMENTO O MAKAKAPAGTANONG?

- Sagutan ang aming mga online na kuwestiyonaryo sa www.surveymonkey.com/r/SDOTCC by February 20, 2017
- Makipag-ugnayan sa amin sa Columbiacityparking@seattle.gov o 206-733-9026

ANO NA ANG MANGYAYARI NGAYON?

- Pinaplano ng SDOT na magpalabas ng panghuling plano para sa mga pagbabago sa lugar ng paradahan sa buwan ng 2017.
- Bago maipatupad ang anumang mga pagbabago sa RPZ, may isasagawang isang pampublikong pagdinig para makatanggap ng karagdagang feedback sa mga pagbabago ng RPZ. Ito ay marahil na magaganap sa buwan ng Mayo o Hunyo 2017.
- Sa sandaling nawakasan na, mas maraming impormasyon ang ipapadala sa mga residente at mga negosyo sa bloke sa loob ng pinalawak ng lugar ng RPZ.

